For more information, please call/text us at: **0920-911-1398** or visit:
**www.philrice.gov.ph | www.pinoyrice.com**

# Mais



Ang mais ay isa sa mga pinakaimportanteng produktong pang-agrikultura ng Pilipinas. Ginagamit ito bilang pagkain ng tao at sa paggawa ng mga pagkain ng hayop.

Maaaring itanim ang mais bago o pagkatapos ng tag-ulan. Ngunit para sa mas magandang ani, itanim ito sa mga buwan ng Oktubre hanggang Nobyembre sa tag-araw at sa mga buwan naman ng Mayo hanggang Hunyo sa tag-ulan.

## PAGPILI AT PAGHAHANDA NG LUPANG TANIMAN

Ang tamang paghahanda ng lupang tataniman ay kailangan para sa mas magandang pagtatanim at epektibong pagkontrol ng damo.

Araruhin at suyurin ang bukid ng dalawang beses. Gumawa ng tudling na may distansyang 65 sentimetro at lalim na 15 hanggang 18 sentimetro.



PHILRICE

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice

## PAGTATANIM



Ang pagtatanim ng buto ay karaniwang ginagawa nang mano-mano sa layong 25 o 28 sentimetro kada butas at 75 sentimetro kada tudling. Maglagay ng 1 hanggang 2 buto kada butas na may lalim na 1 ½ hanggang 2 sentimetro. Sampung araw pagkatapos magtanim, mag-iwan lamang ng malusog na tanim. Para sa mas magandang ani, mainam na itanim ang mga buto sa pare-parehong lalim at pagitan.

## PAGPAPATABA

Mabuting magkaroon muna ng pagsusuri sa lupang tataniman upang malaman kung anong uri ng pataba ang gagamitin. Kung hindi magawa ang pagsusuri, iminumungkahing gumamit ng 120-60-90 NPK sa bawat ektarya. Gawin ang unang pagpapataba bago magtanim. Maglagay ng 3 sako ng 14-14-14, 1 sako ng Urea, at 5 kilo ng Zinc sulfate sa bawat ektarya at tabunan ito ng kaunting lupa (3 sentimetro).

Ang ikalawang pagpapataba ay isagawa 30 araw pagkatanim. Gumamit ng 5 sako ng 14-14-14, 2 sako ng Urea at 1 sako ng 0-0-60 sa bawat ektarya. Ang huling pagpapataba ay isagawa matapos ang 45 na araw pagkatanim gamit ang 2 sako ng Urea at 1 sako ng 0-0-60 sa bawat ektarya. Ilagay ang pataba sa gilid ng tanim na may layong 2 hanggang 3 sentimetro at tabunan.

## PAGPAPATUBIG

Mahalaga ang tubig para sa mabilis na pagbulas ng tanim. Gawin ang unang pagpapatubig bago o pagkatapos magtanim para sa mas mabilis na paglaki nito. Ang ikalawang pagpapatubig ay sa ika-10 araw pagkatubo. Patubigan ang tanim kung kinakailangan. Mainam na patubigan ang kanal ng pinagtamnan ng mais. Pasundan ng patubig ang tanim kung kinakailangan.

## PAGSUGPO NG DAMO



Ang unang pagdadamo at pagbubungkal ay karaniwang ginagawa 2 linggo pagkatapos magtanim. Ang pangalawa ay sa ika-30 araw pagkatapos magtanim. Magsablay o araruhin palabas ng puno agad upang mapanatili ang magandang kundisyon ng lupa at mapabilis ang paglaki ng tanim. Magdamo kung kinakailangan ngunit iwasang galawin ang lupa malapit sa puno ng tanim.

## PAG-AANI

Mahalagang anihin ang tanim sa tamang panahon dahil nakaaapekto ito sa kalidad ng bunga. Alamin ang inaasahang araw ng paggulang nito upang maani ito sa tamang panahon.

**Para sa karagdagang impormasyon, sumulat, bumisita, o tumawag:**
NUEVA ECIJA FRUITS & VEGETABLES SEED CENTER
CLSU Compound, Science City of Muñoz, 3119 Nueva Ecija / 0916-508-3569
Inilimbag na may pahintulot ng NUEVA ECIJA FRUITS & VEGETABLES SEED CENTER

PHILRICE

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice